

Paunawa ng Halalan

ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY SA PAMAMAGITAN NITO na ang Pangkalahatang Halalang Munisipal ng DALY CITY ay isasama sa County ng San Mateo sa Pampanguluhang Pangkalahatang Halalan na gaganapin sa Martes, ang ika-5 araw ng Nobyembre 2024.

Ang mga sumusunod na katungkulan ay pupunuan:

Miyembro ng Konseho ng Lungsod (Buong termino na Apat na Taon)
Miyembro ng Konseho ng Lungsod (Buong termino na Apat na Taon)
Miyembro ng Konseho ng Lungsod (upang punuan ang hindi pa tapos na termino na Dalawang Taon)
Klerk ng Lungsod (Buong termino na Apat na Taon)
Tesorero ng Lungsod (Buong termino na Apat na Taon)

Ang mga papel ng nominasyon ay dapat matanggap mula sa at iharap sa Opisina ng Klerk ng Lungsod, City Hall, 333 – 90th Street, Daly City, California, sa mga regular na oras ng trabaho. Ang panahon ng nominasyon ay magsisimula sa Lunes, Hulyo 15, 2024 at magsasara sa Biyernes, Agosto 9, 2024.

Kung ang mga papel ng nominasyon para sa isang kasalukuyang inihahalal na katungkulan ay hindi iniharap bago lumampas ang 5:00 P.M. sa Agosto 9, 2024, ang panahon ay dapat palawigin hanggang sa Miyerkoles, Agosto 14, 2024.

Ang paghirang sa bawat inihahalal na katungkulan ay maaaring gawin kung walang iminungkahi o isang tao lamang ang tumanggap ng nominasyon para sa inihahalal na katungkulan gaya ng nakasaad sa Seksyon 10229 ng Kodigo sa mga Halalan.

Ang mga lokasyon ng mga Sentro ng Pagboto sa Daly City ay ipagkakaloob ng Opisina ng mga Halalan ng County ng San Mateo. Ang mga lokasyon ng 4-na-araw na Sentro ng Pagboto ay mananatiling bukas sa Nobyembre 2 - Nobyembre 5, 2024.

Pinetsahan: Hunyo 3, 2024

K. ANNETTE HIPONA
KLERK NG LUNGSOD NG DALY CITY